8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**
- Irene N. San Miguel (SDO Malabon)

**Tagasuri:**
- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 1, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>**Mga akda sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan**<br>a. Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat, tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>b. Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa/imahen sa tula<br>c. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>d. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto tula batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>e. Nasusuri ang elementong panglingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng tula<br>f. Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo wika, norms, pagpapahalaga, at arketipo na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon. |
| **D. Nilalaman** | Mga akda sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan<br>Tula: Sa Kabataang Pilipino<br>Pag-ibig sa Tinubuang Lupa |
| **E. Integrasyon** | SGD 16 Kapayapaan Katarungan at Matatag na mga Institusyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|


- Advincula, A.J. (2021, March 8). Panitikan sa Panahon ng Kilusang Propaganda [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=6f8wDv1R6tM
- Agoncillo, Teodoro A. (1984) Kasaysayan ng Bayang Pilipino. GAROTECH Pub pahina126-148.
- Estareja, Arnaldo O. et al, (2020) Yaman ng Pamana Wika at Panitikan II. Vibal Pub House Inc.pahina 58-59.
- Gonzalez, Bro. Andrew, et al. (2002) Kasaysayan at Pamahalaang Pilipino. Phoenix, Pub House, Inc.p 292 -293.
- Just Right Design. (2020, November 19). PANITIKAN SA PANAHON NG PROPAGANDA AT HIMAGSIKAN | KASAYSAYAN NG PANITIKANG PILIPINO [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=bu9hrYNAHiw
- Kurikulum ng Edukasyong Sekondari ng 2010 Gabay Pangkurikulum Filipino II, Kagawaran ng Edukasyon
- Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). Bagong Likha I. JO-ES Publishing House, Inc.
- Mag-atas, Rosario U. et al. (b1994) Panitikang Kayumanggi. National Book Store Pahina 96-103.
- Morrison, R. (n.d.). Kontekstong Sociocultural: konsepto, elemento, halimbawa - Agham - 2024. Warbletoncouncil. https://tl.warbletoncouncil.org/contexto-sociocultural-9676
- Sauco, Consolacion P., et al. (1997) Panitikang Pilipino Pandalubhasaan. Katha Pub Inc. pahina 100.
- Villanueva, Voltaire M. (2018) Ako Bibo Kasi Dapat #ABKD. VMVI Pub House.


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Balik-Tanaw:** Tukuyin sa mga pahayag ang kaugnay sa kaligirang pangkasaysayan ng Panahon ng Propaganda at Himagsikan. Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali.<br><br>____1. Ang panahon ng Propaganda at Himagsikan ay nagsimula sa pagbitay sa tatlong paring Gomburza.<br>_____2. Ang kilusang Propaganda ay binubuo ng mga Pilipino na naghahangad ng pagkakaroon ng pantay na pagtingin sa Pilipino at Espanyol.<br>_____3. Isa sa layunin ng kilusang propaganda ay kasarinlan ng Pilipinas.<br>_____4. Mababasa ang mga daing at pagdurusa ng mga Pilipino sa mga pahayagang nakatago ang mga sumulat gamit ang sagisag.<br>_____5. Ang mga panitik ay nakasulat sa wikang Espanyol ng panahon ng Propaganda at wikang Tagalog sa panahon ng Himagsikan. | **SUSING SAGOT**<br><br>1. T<br>2. T<br>3. M-layunin ito ng kilusang Katipunan<br>4. T<br>5. T<br>6. T<br>7. M- La Liga Filipina<br>8. T<br>9. T<br>10. M-kasunod ang rebolusyon ng mga Katipunero |

_____6. Ang mga panitikan ay salamin ng tunay na karanasan at pangyayari sa buhay ng sumulat na ginamitan ng sining ng paglalahad,
_____7. Ang Katipunan ay binubuo ng mga panggitnang uri na intelektuwal o mga ilustrado na nagtataguyod ng mapayapang reporma.
_____8. Ang samahang La Liga Filipina ni Rizal ay inspirasyon sa pagbuo ng Katipunan.
____ 9. Hindi ipinagkaloob sa mga Pilipino ang hinihinging pagbabago ng mga propagandista.
____10. Mga akdang panlipunan ang nalikha noong himagsikan kasabay ng mga rebolusyon ng mga Katipunero.

**2. Hambing-Galing:** Isulat ang nilalaman ng mga akdaing may kaugnayan sa panahong ito. Pumili sa loob ng kahon matapos mabasa ang mga tanong.

**Paghambingin ang Kaibahan ng mga Akdain**

| | **Pagdating ng mga Espanyol (1571 – 1728)** | **Panahon ng Propaganda at Himagsikan (1728 – 1896)** |
|---|---|---|
| **1. Kalagayan ng Pilipinas** | | |
| **2. Damdamin ng mga Pilipino** | | |
| **3. Layunin ng bawat manunulat** | | |
| **4. Epekto ng mga akda sa Pilipino** | | |

**Pumili sa loob ng kahon**

| | | |
|---|---|---|
| Naaapi | masaya | magpamulat ng katotohanan |
| May pagtanggap | naghihimagsik | |
| Magpakita ng kaapihan | may kahusayan | |
| Espanyol | maglahad ng pagmamahal | |

Gabayan ng tanong ng guro ang hambingan.

Ang guro ay titiyakin na sa ikalawang linggo ng pagkikita ay nakapagbigay ng babasahin sa mag-aaral

Tulang:
Sa Kabataang Pilipino
http://www.joserizal.ph/pm13.html

Pag-ibig sa Tinubuang Lupa
https://www.academia.edu/28553953/Pag_ibig_sa_Tinubuang_Lupa_ni_Andres_C_Bonifacio_Pluma_pp_221_222

https://tl.wikipedia.org/wiki/Pag-ibig_sa_Tinubuang_Lupa

Ipapanood ang https://www.youtube.com/watch?v=wxmArAaNtNQ

Ipatala ang mga detalyeng may kaugnayan sa panitikan at panahong nabanggit

Magpasaliksik din ng maaaring mabasa o mapanood tungkol sa *kaligirang pangkasaysayan ng panahong propaganda at Himagsikan*. Gayundin tungkol sa *panitikan sa panahon ng Propaganda at Himagsika*n.

***HAMBING GALING**

**SUSING SAGOT:**
**Unang Kolum**
1.masaya

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
1. Ayon sa kasaysayan ano ang kalagayan ng Pilipinas sa pagdating ng Espanyol? Panahon ng Propaganda at Himagsikan?<br>
2. Ano ang naging damdamin ng mga Pilipino sa panahong iyon?<br>
3. Sa pagsulat ng mga akda, ano ang naging layunin ng may-akda sa panahon ng pagdating ng mga dayuhang Espanyol?<br>
4. Paano nakatulong ang pagsulat sa mga akdain sa mambabasa noon/sa kasalukuyan?
</td>
<td>
2.may pagtanggap sa pakikipagkaibigan<br>
3.may kahusayan sa wikang Espanyol<br>
4.maglahad ng pagmamahal sa Diyos at sa bayan<br><br>
Ikalawang Kolum<br>
1. naaapi<br>
2. naghihimagsik<br>
3. nagpapagising ng pag-aalsa<br>
4. nagbubukas ng katotohanan
</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Panghikayat na Gawain<br>
BINGO: Tantusan ang tinutukoy sa inyong kard kaugnay sa katangian ng taong tinutukoy.<br><br>
<table>
<tr><td>Himagsikan</td><td>Paglaya ng Pilipinas</td><td>Ang Supremo</td></tr>
<tr><td>Pahayagang Kalayaan</td><td>SINO AKO</td><td>Kalookan</td></tr>
<tr><td>Pag-ibig sa Tinubuang Lupa</td><td>Katipunero</td><td>Sa Bodega ng aklat Nagkaroon ng karunungan</td></tr>
</table>
<br>
<table>
<tr><td>Mi Ultimo Adios</td><td>Propagandista</td><td>La Solidadridad</td></tr>
<tr><td>La Liga Filipina</td><td>SINO AKO</td><td>Sa Kabataang Pilipino</td></tr>
<tr><td>Pagbabago ng Pilipinas</td><td>Unibersidad ng Santo Tomas</td><td>Barcelona, Berlin, Germany</td></tr>
</table>
<br>
2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto<br>
Ang tula ay isang kaayusan ng mga salitang magkakatugma na pahayag ng mga katotohanan, kaisipan, at damdamin sa paraang maguni-guni, mabuti at di ordinaryong pananalita na may katangi-tanging kariktan ng kaisipan at pananaw. Likha ito ng isang makata.<br>
Ang sumusulat ng tula ay humahango sa kanyang karanasan mga paniniwala at panuntunan sa buhay.
</td>
<td>
Ang guro ay magpapahayag ng katuturan. Sa bawat tawag, ipatatantos sa mag-aaral ang tinutukoy. Ang unang mag-aaral na makapuno ng bingo kard ang magwawagi at ang pangkat nila ang magpapakilala kung sino ang tinutukoy.<br><br>
Ang guro ay magpapabanggit ng iba pang manunulat sa panahon ng pananakop ng Espanyol at mga akdaing patula, sanaysay at iba pa<br><br>
Maaaring gawan ng modipikasyon ang gawaing ito o mag-isip ng iba pang panghikayat na gawain.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Manunulat at Akdain**<br>Sa panahon ng Propaganda namayani rin ang paglikha ng mga tula sanaysay at mga lathalain. Patuloy ang mga manunulat ng paghiraya ng damdaming nag-aalab ang pagmamahal sa bayan. Ang panghihikayat na maghangad ng pagbabago ng kalagayan ng Pilipinas.<br>Sa panahon ng Himagsikan ay naging maalab ang pagpapatuloy na magpahayag ng pagdurusa ng mga Pilipino. At dahil sa hindi ito nakakamit hinangad ng himagsikan sa panulat ang paglaya mula sa pagkakagapos mula sa mapagsamantalang mananakop. Kasabay ng pagbuo ng Katipunan, rebolusyunaryong pakikipaglaban.<br><br>**Gabay-Tanong**<br>**Ano ang mahalagang detalyeng nakapaloob sa akdang Sa Kabataang Pilipino at Pag-ibig sa Tinubuang Lupa?**<br>**Ano ang kahalagahan ng dalawang akdang ito noon at kabuluhan nito sa kasalukuyang panahon?**<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**UGNAY-SALITA**: Piliin sa loob ng pangungusap ang kaugnay ng salitang may salungguhit.<br><br>a. Nagdurusa ang mga **<u>nalulugami</u>** sa hirap dulot ng pananakop.<br>b. Hindi masusukat ang **<u>himutok</u>** ng kasawian sa naghihinagpis na mamamayan.<br>c. Maipagmamalaki ang kabataang Pilipino sa karunungan kaya't **<u>ipamansag</u>** ang ating karangalan.<br>d. Ang luksang himig na maririnig ay tanda ng higanti ni **<u>Pilomel</u>** sa naroroon.<br>e. **Palad** na nating mabuhay at anumang kapalaran iyon ang Diyos ang may alam. | **SUSING SAGOT**<br>a. nagdurusa<br>b. naghihinagpis<br>c. ipagmalaki<br>d. luksang himig<br>e. kapalaran |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**1. Pagpapabasa ng Teksto**<br>**SURING-BASA**: Ipabasa ang tula nang may pag-unawa Sikaping napabasa ang mga tanong.<br><br>**Sa Kabataang Pilipino** | Maaari namang ipagawa na ang Worksheet Blg.1 bilang Takdang gawain bago ang araw ng klase. |

ni Gat Jose Rizal

Itaas ang iyong noong aliwalas.
Mutyang kabataan, sa iyo ang paglalakad,
Ang bigay ng Diyos na tanging liwanag
Ay pangitawin mo, Pag-asa ng Bukas.

Ikaw ay bumaba, O katalinuhan,
Mga puso naming ay na naghihintay,
Magsahangin ka nga't ang aming isipa'y
Ilipad mo roon sa kaitaasan.

Taglayin mo lahat ang kagiliw-giliw
Na mga silahis ng dunong at sining;
Kilos kabataan, at iyong lagutin
Ang gapos ng iyong diwa at damdamin.

Masdan mo ang putong na nakasisilaw,
Sa gitna ng dilim ay di matitigan;
Ang putong na yaon ay dakilang alay
Sa nalulugaming iyong Inang Bayan.

O, ikaw, na iyang may pakpak ng nais
At handang lumipad sa rurok ng langit,
Upang kamtan yaong matamis na himig,
Doon sa Olimpo'y yamang magsisikip.

Ikaw na ang tinig ay lubhang mairog,
Awit ni Pilomel na sa dusa'y gamot
Lunas na mabisa sa dusa'y himutok
Ng kaluluwang luksa't alipin ng lungkot;

Ikaw na ang diwa'y matalas makinang,
Bunga ng palaging pakikipaglaban,
Kaluluwang sumapit sa iyong hantungan,
Ang nagiging pala'y walang hanggang
buhay.

At ikaw, O diwang mahal ni Apeles,
Sinuyo sa wika ni Pebong marikit,
O sa isang putol na lonang makitid
Nagsalin ng kulay at ganda ng langit.

Hayo na ngayon di't papag-alabin mo
Ang apoy ng iyong isip at talino,
Ang magandang ngala'y ihasik sa mundo,
At ipabansagan ang dangal ng tao.

O dakilang araw ng tuwa at galak,
Magdiwang na ngayon, Sintang Pilipinas!
Magpuri sa Bayang sa iyo'y lumingap,
Umakay sa iyo sa magandang palad.

***Olimpo** -lugar sa Gresya na ang popular na arkeolohikal na gusali, Olympics na palaro at natatangi rin sa karunungan ditto ay nagmumula
* **Pilomel** -siya ay pinatay at upang makapaghiganti ay nagtransform tulad ng nightingale na umaawit ng luksang himig
***Apeles** - tanyag na paboritong pintor ni Alexander the Great
***Pebo** - sa Griyego ang Diyos ng araw

**1.Pagproseso ng Pag-unawa**
**BASA-UNAWA**: Pagsusuri sa nilalaman ng akda.

| | |
|---|---|
| 1.Sino ang persona sa akda? | |

Ipaunawa sa mag-aaral ang mga terminolohiya sa akdang *Sa Kabataang Pilipino.*

Maaaring gamitin ang pagbubuod mg kaisipan.

| Bilang ng Saknong | Kaisipan |
|---|---|
| | |

| | |
|---|---|
| 2. Ano-anong damdamin ng persona ang ipinahayag sa tula? | |
| 3. Anong uri ng tula ang binasa ayon sa anyo? Patunayan. | |
| 4. Ibigay ang kahulugan ng talinghaga sa sumusunod na saknong:<br>a. **saknong 1** –<br>Ang bigay ng Diyos na tanging liwanag ay pagitawin mo, Pag-asa ng Bukas<br>b. **saknong 2** –<br>Magsahangin ka nga't ang aming isipa'y ilipad mo roon sa kaitaasan<br>c. **saknong 4**-<br>Ang putong na yaon ay dakilang alay<br>Sa nalulugaming iyong Inang Bayan.<br>d. **saknong 7**-<br>Ikaw na ang diwa'y matalas, makinang,<br>Bunga ng palaging pakikipaglaban.<br>e. **saknong 9**-<br>Hayo na ngayon at papag-alabin mo<br>Ang apoy ng iyong isip at talino | |
| 5. Sa iyong palagay ano ang pinapaksa na inilahad ng tula? | |
| 6. Ano ang mga kaugnay na pangyayari ang nakapaloob sa akda, kailan at anong panahon ito? | |
| 7. Paano nakikita ng mambabasa ang katotohanan at kabuluhan nito noon, at sa kasalukuyang panahon? | |

**Ikatlong Araw**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**KAPUSO-KADIWA:** Basahin ang hambingan sa dalawang akda ng bayani

Jose Rizal (Propagandista)

Ang ***A La Juventud Filipina*** noong 1879 na isinalin sa Tagalog na ***Sa Kabataang Pilipino*** ay isinulat sa isang patimpalak pampanitikan na ginanap sa *Liceo*

Sikapin ng guro na maipabasa ang kabuuang tula na "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" at suriin ang nilalaman ng bawat saknong nito.

*Artistico Literario de Manila* kung saan nanalo si Rizal ng unang premyo na binubuo ng isang hugis-balahibong panulat na pilak at isang diploma.

Andres Bonifacio (Katipunero)
Ang tula niyang **Pag-ibig sa Tinubuang Lupa** ay naisulat sa unang edisyon ng pahayagang **Kalayaan** sa taong 1896. Ito ay ang pagpapabatid ng kanyang himutok at hangarin lumaya.

Basahin:

**Pag-ibig sa Tinubuang Lupa**
ni Gat Andres Bonifacio

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisay at pagkadakila
gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?
aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Pagpuri ng lubos ang palaging hangad
sa bayan ng taong may dangal na ingat.
Umawit, tumula, kumatha't sumulat!
Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
ng may pusong mahal sa Bayang nagkupkop,
dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,
buhay ma'y abuting magkalagu't lagot.

Bakit? Alin ito sa sakdal na laki
na hinahandugan ng buong pagkasi,
na sa lalong mahal nakapangyayari
at ginugugulan ng buhay na iwi?

Ito'y ang Inang Bayang tinubuan,
siya'y ina't tangi na kinamulatan
ng kawili-wiling liwanag ng araw,
nagbibigay-init sa buong katawan.

Maaaring gamitin ang pagbubuod mg kaisipan sa pagtalakay.

| Bilang ng Saknong | Kaisipan |
| --- | --- |
| | |

Sa pagtalakay ay iugnay batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao. Gayundin sa integrasyong SDG 16 Kapayapaan Katarungan at Matatag na mga Institusyon.

Magpanood ng youtube na ito'y inaawit ng acoustic
https://www.bing.com/videos/riverview/relatedvideo?q=pag-ibig+sa+tinubuang+lupa+youtube&mid=4812F69C7F37CC00E97F4812F69C7F37CC00E97F&FORM=VIRE

Ipanood din ito:
Ang awitin ni Inang Laya
https://www.bing.com/videos/search?q=pagibig+sa+tinubuang+lupa+youtube&qs=UT&pq=

Sa pagtalakay ay maaaring pag-usapan ang kahulugan ng repormista at rebolusyonaryo; Si Rizal bilang repormista at si Bonifacio bilng rebolusyonaryo. Gayundn ang usaping “Repormista ba o

**3. Paghahambing ng akdang isinulat ng isang repormista at rebolusyonaryo**


**Panuto:** Pagkatapos mabasa ang nilalaman ng akda at mabigyan ng paliwanag ang mga saknong.

| SUSURIIN | Sa Kabataang Pilipino | Pag-ibig sa Tinubuang Lupa |
|---|---|---|
| a. Sumulat | | |
| b. Paksa | | |
| c. Mensahe at kaisipan | | |
| d.larawang-diwa/imahe | | |
| e. Layunin | | |
| f. Pagkamakatotohan | | |
| g. Kabuluhan | | |

**3. PANGLINGGWISTIKANG PAGSUSURI**

**SULAT-TUKLAS:** Bumuo ng talata na may kaugnayan sa kasabihan. Iangkop sa kalagayan ng mga Pilipino sa panahon ng Pananakop ng Espanyol. Gamitin ang larawan at iugnay sa kasabihan.

| |
|---|
| **Ang buhay ay may layunin, kung aalisin mo ito<br>Wala nang halaga, ang kumilos ay ano pa.** |




| Ang Pilipino sa Panahon ng Pananakop |
|---|
| |
| |
| |

Rebolusyonaryo si Rizal?" Gayundin ituon ang integrasyong kapayapaan, katarungan, at matatag na institusyon.

SUSING-SAGOT
Sa Kabataang Pilipino/Pag-ibig sa Tinubuang Lupa

a. Bonifacio/ Rizal
b. pagpapahalaga sa kabataan/ pagpapahalaga sa bayan
c. ang kabataan ang pag-asa ng bayan/ ang pag-ibig sa bayan
d. putong/ pag-ibig sa tinubuang lupa walang hihigit pa
e. manghikayat/ manghikayat
f. pagkilala sa pagka-Pilipino/ pagmamahal sa bayan
g. nagpapahayag ng kadakilaan sa Pilipino/ pagpapahalaga sa Pilipinas

Ang guro ay maaaring magpabigay ng iba pang tula noong panahon ng propaganda at himagsikan.

Tiyakin ng guro na nabasa ng mag-aaral ang ilan pang tula na masusuri ng mag-aaral

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

**b. Pangkatang Gawain**

**Pangkat 1. NAIS KONG MALAMAN**

Magbabahagi ng mga konseptong alam na nila, nais pang malaman, at mga dapat gawin upang matuto ng aralin. Matapos ang limang minuto, tatawag ang guro ng ilang magkapareha upang magbahagi ng kanilang naging talakayan.

| | |
|---|---|
| *Ano-ano ang mga nalalaman ko na tungkol sa mga elemento ng tula?* | |
| *Ano-ano ang mga nais ko pang matutuhan?* | |
| *Ano ang gagawin ko upang matuto ng iba pang konsepto tungkol sa mga elemento ng tula?* | |

**Pangkat 2. SUKATIN MO!**

Ibigay ang sukat ng mga taludtod na nasa ibaba:

**1. Sukat**- Ito ang bilang ng pantig ng tula sa bawat taludtod na karaniwang may sukat na waluhan, labing-dalawahan, at labing-animan na pantig. Ito ay tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong. Ang pantig ay tumutukoy sa paraan ng pagbasa.

**Tanong**: **Ano ang sukat ng akda? Marikit bang bigkasin ang ginamit na sukat? Magbigay ng pagsusuri.**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

**2. Tugma** - Isa itong katangian ng tula na hindi angkin ng mga akda sa tuluyan. Sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasintunog. Lubha itong nakagaganda sa pagbigkas ng tula. Ito ang nagbibigay sa tula ng angkin nitong himig o indayog.

**Tanong: Magkasintugma ba ang dalawang saknong? Patunayan**.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ang mag-aaral sa kabilang pangkat ang magmamarka, at sa pinal ang guro.

**3.Talinghaga –** ang tula ay ang masidhing pagpapahayag ng damdamin sa pamamagitan ng matatayog na kaisipan. Ang talinghaga ay binubuo ng maririkit na larawang diwa o imahen sa masining na pagpapahayag.

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

**Pangkat 3. TALINGHAGA, MAHIWAGA!**
Ibigay ang paliwanag sa mga piling talinghaga. Patunayan.

| TALINGHAGA | PAKAHULUGAN |
|---|---|
| Pagpuring lubos ang palaging hangad<br>sa bayan ng taong may dangal na ingat<br>Umawit, tumula, kumatha't sumulat!<br>Kalakhan din niya'y isinisiwalat. | Patunay:________________________<br>________________________<br>________________________<br>________________________ |
| Walang mahalagang hindi inihandog<br>ng may pusong mahal sa<br>Bayang nagkupkop,<br>dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,<br>buhay ma'y abuting magkalagu't lagot. | Patunay:________________________<br>________________________<br>________________________<br>________________________ |
| Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya<br>Sa pagkadalisay at pagkadaki<br>gaya ng pag-ibig sa sariling wika<br>aling pag-ibig pa? Wala na nga wala. | Patunay:________________________<br>________________________<br>________________________<br>________________________ |
| Ito'y ang Inang Bayang tinubuan siya'y<br>ina't tangi na kinamulatan ng kawili-<br>wiling liwanag ng araw,<br>nagbibigay-init sa buong katawan. | Patunay:________________________<br>________________________<br>________________________<br>________________________ |

**Tanong:** Paano naiugnay ang pakahulugan sa saknong ng mga talinghaga? Isulat sa bawat kahon.


**BISA NG AKDA**

**Bisang Pandamdamin** - tumutukoy ito sa naging epekto o pagbabagong naganap sa iyong damdamin matapos mabasa ang akda.
**Bisang Pangkaisipan** - tungkol naman ito sa pagbabago sa kaisipan dahil sa natutuhan sa pangyayaring naganap sa binasa.
**Bisang Panlipunan** - ito ay katangian ng akda na may kaugnayan sa tamang paghubog sa katauhan ng mga tao sa lipunan kung ang lahat ay makabasa at makaunawa sa nais ipahiwatig ng may-akda.

**Pangkat 4. BISA NG AKDA**
Isulat ang mga <u>bisang pandamdamin, pangkaisipan</u>, at <u>panlipunan</u>
Halimbawa: masaya, nakakapagpapaisip, maging responsible

**Saknong 9** **Sa Kabataang Pilipino**
Taglayin mo lahat ang kagiliw-giliw
Na mga silahis ng dunong at sining;
Kilos kabataan, at iyong lagutin
Ang gapos ng iyong diwa at damdamin.

**Saknong 5** **Pag-ibig sa Tinubuang Lupa**
Bakit? Alin ito sa sakdal na laki
na hinahandugan ng buong pagkasi,
na sa lalong mahal nakapangyayari
at ginugugulan ng buhay na iwi?




**Isulat sa bawat bilog ang mga bisang pandamdamin, pangkaisipan, at panlipunan.**

**Ikaapat na Araw**

**4. Pinatnubayang Pagsasanay**

**TULA-SURI**: Ipabasa ang bahagi ng tulang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Suriin ang **kultural na elemento** (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng akda.

**Pag-ibig sa Tinubuang Lupa**

Ano ang sinisimbolong inilapat sa saknong at kahulugan nito?
___________________________
___________________________
___________________________

Paano naaapekto ang arketipo o stereotyping sa inilalahad na damdamin o iniisip ng sumulat?
___________________________
___________________________

Paano naparirikit ng wika ang taludturan sa tula?
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

Sa norms o istandard na pagsulat ng tula, ano ang nagpasining sa akda?
___________________________
___________________________
___________________________

Bakit pinahahalagahan ang ganitong akda sa panahong iyon? At sa kasalukuyan?
___________________________
___________________________

Ilahad ang paliwanag sa inilapat na kultural na elemento.

| | | |
|---|---|---|
| **Simbolo** | Ito'y ang Inang Bayang tinubuan,<br>siya'y ina't tangi na kinamulatan<br>ng kawili-wiling liwanag ng araw<br>nagbibigay-init sa buong katawan. | |
| **Wika** | Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya<br>Sa pagkadalisay at pagkadakila | |

Maaaring gumamit ng iba pang akdang tula sa pagsusuri ng kultural na elemento nito katulad ng Mi Ultimo Adios at iba pa sa naturang panahon

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa<br>aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.</td><td></td></tr>
<tr><td>Norms</td><td>Bakit? Alin ito sa sakdal na laki<br>na hinahandugan ng buong pagkasi<br>na sa lalong mahal nakapangyayari<br>at ginugugulan ng buhay na iwi?</td><td></td></tr>
<tr><td>Pagpapahala ga</td><td>Pagpuri ng lubos ang palaging hangad<br>sa bayan ng taong may dangal na ingat<br>Umawit, tumula, kumatha't sumulat!<br>Kalakhan din niya'y isinisiwalat.</td><td></td></tr>
<tr><td>Arketipo</td><td>Walang mahalagang hindi inihandog<br>ng may pusong mahal sa Bayang nagkupkop,<br>dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,<br>buhay ma'y abuting magkalagu't lagot.</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
Panuto: Gamitin ang mga letra ng TULA sa pagbuo ng akrostiko ng kaisipang natutuhan sa kahalagahan ng panitikang ito sa panahon ng pananakop.<br>
Halimbawa:<br>
T-ulang isinulat, binigkas, matalinghaga<br>
U-usbong ang diwa, mga buntong-hininga,<br>
L-uhog sa Dakila, kalagin ang tanikala<br>
A-akayin ang tanan, nang bayan ay lumaya.<br>
<br>
2. Pabaong Pagkatuto<br>
Personal na Pagtataya sa Klase<br>
Bilang pagninilay sa naging talakayan, lagyan ng tsek ang talahanayan ng pagtataya sa kanilang naging pag-aaral sa loob ng silid-aralan.<br>
<table>
<tr><th>Tanong</th><th>Minsan</th><th>Madalas</th><th>Palagi</th></tr>
<tr><td>1. Nakiisa ba ako sa mga gawain sa loob ng klase lalo na sa mga pangkatang gawain?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Napanatili ko ba ang mapayapang pakikitungo sa aking mga kamag-aral?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Ibinigay ko ba nang buong husay ang aking kakayahan upang magampanan ang mga gawain sa klase?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>4. Naging matapat ba ako sa mga pagsasanay at pagsusulit sa klase?</td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>5. Sinunod ko ba ang aking guro at ang mga panutong ibinigay niya sa klase?</td><td></td><td></td><td></td></tr></table> | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsulat ng Tula**<br>**TABAK-PANULAT**<br>Matapos mong basahin ang tula, ikaw bilang kabataan paano mo hihikayatin ang kapwa mo kabataan na itinuturing na pag-asa ng bayan na linangin ang kahang-hangang katalinuhan at ipamalas ang pagkamakabayn.<br>Bumuo ng isang tulang makabayan na may sukat at tugma. May tatlo o higit pang saknong at isaalang-alang ang mga elemento ng tula.<br>TABAK NG PANULAT SA ISIP MAGMUMULAT<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang aralin** | Gamitan ng rubrik sa pagsulat ng tula. |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Magsaliksik tungkol sa Kartilya ng Katipunan.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Irene N. San Miguel*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |

| *Institusyon: SDO Malabon* | *Institusyon: Philippine Normal University - Manila* |
|---|---|